Republic of the Philippines
Department of Education
Region XI
Division of Butuan
San Carlos District
**MATALANG CENTRAL ELEMENTARY SCHOOL**

**QUARTER 1 SUMMATIVE TEST NO. 2**

| Mga Layunin | CODE | Bahagdan | Bilang ng Aytem | Kinalalagyan n Bilang |
|---|---|---|---|---|
| Nakapagbibigay ng tamang pagpapasiy | **(EsP4PKP-Ic-d – 19).** | **50%** | **10** | **1-10** |
| Nasusuri ang katotohanan bago gumawa ng anomang hakbang tungkol sa nakalap na impormasyon na iyong napanood sa programang pantelebisyon at dapat sumangguni sa mga taong kinauukulan. | **(EsP4PKP-Ic-d – 24).** | **50%** | **10** | **11-20** |
| **Kabuuan** | | **100** | **20** | **1 – 20** |

**GRADE 4 – ESP**
**www.guroako.com**

Republic of the Philippines

Department of Education
Region XI
Division of Butuan
San Carlos District
**MATALANG CENTRAL ELEMENTARY SCHOOL**

ESP 4 Summative Test No. 2

www.guroako.com

Name: ________________________________________ Date: __________ Score: ______

**I. Panuto:** Tukuyin ang bawat pangyayari kung ito ay may **Tamang Pagpapasiya** o **Maling Pagpapasiya.** Isulat ang sagot sa patlang.

_________1. Magbahagi ka sa hindi kilalang tao ng mga patalastas na iyong narinig.
_________2. Unang parte lamang ng patalastas ang dapat mong pakinggan sapagkat matalino ka naman.
_________3. Unawain mo nang mabuti ang mensaheng hatid ng patalastas na binabasa.
_________4. Kapag nakita mo ang larawan ng iyong idolo sa binabasang patalastas, maniwala kaagad.
_________5. Turuan mo ang nakababatang kapatid na suriin muna ang narinig at nabasa bago ito paniwalaan.
_________6. Hayaan mo ang iyong kaibigan na makinig ng malalaswang patalastas.
_________7. Iwasan ang pakikinig ng patalastas na walang aral.
_________8. Tangkilin ang pagkakaroon ng tamang pagpapasiya.
_________9. Huwag ng suriin ang nakalap na impormasyon.
_________10. Magsanay sa pagbabasa at pakikinig ng mga impormasyong galing sa lehitimong pinagkukunan.

**II. Panuto:** Basahin nang mabuti ang mga pahayag. Isulat ang salitang **Tama** sa guhit sa unahan ng bilang kung ito ay nagsasaad ng mapanuring pag-iisip at **Mali** kung hindi.

______11. Agad kong pinaniniwalaan ang mga balitang aking napapanood sa telebisyon.
______12. Ayon sa PAGASA, may paparating na bagyo na tatami sa bansa sa susunod na linggo kaya sinabi ko ito sa aking mga magulang.
______13. Tinatanong ko muna sa kinauukulan ang mga impormasyong nakalap sa mga programa bago ko ito sasabihin sa iba.
______14. Ayon sa aking pananaliksik, ang DOH ay nagpatupad ng mga dapat sundin kagaya ng mga paghugas ng kamay, paggamit ng facemask at pagsunod ng *social distancing* para maiwasan ang COVID-19.
______15. Hindi ko na kinakailangang itanong pa sa aking mga magulang ang mga nangyayaring kalamidad sa atin ngayon dahil nakikita ko naman ito sa balita sa telebisyon.
______16. Kinakailangang kong sabihin kaagad sa aking mga kalaro na maaari ng maglaro sa labas.
______17. Anomang impormasyong aking nakita ay hindi na kailangan pang alamin ang pinanggalingan.
______18. Ang pagsusuri sa nakalap na impormasyon ay walang maitutulong sa atin.
______19. Sinabi sa balita na ang gobyerno ay nagbigay ng limang libong ayuda sa mga mahihirap. Kaya't nagtanong ako kung totoo ba ito o hindi.

______20. Tinaasan kaagad ni Mang Isko ang kaniyang binibentang LPG nang nalaman niya ang biglang pagtaas ng presyo nito.

***SUMMATIVE TEST 2 ANSWER KEY:***

**I.**

1. Maling Pagpapasiya
2. Maling Pagpapasiya
3. Tamang Pagpapasiya
4. Maling Pagpapasiya
5. Tamang Pagpapasiya
6. Maling Pagpapasiya
7. Tamang Pagpapasiya
8. Tamang Pagpapasiya
9. Maling Pagpapasiya
10. Tamang Pagpapasiya

**II.**

11. Mali
12. Tama
13. Tama
14. Tama
15. Mali
16. Mali
17. Mali
18. Mali
19. Tama
20. Mali